# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 12, 2024, LUNES, IKA-9:15 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN, Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: [signature] Date: 26 FEB 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE S.B. RELEASED NAME: [signature] DATE: 02/26/24 TIME: ____ STA. CRUZ, LAG.

**KAPASIYAHAN BLG. 071-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2024 NG BARANGAY CALIOS, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG LABING DALAWANG MILYON ANIMNAPU'T LIMANG LIBO APATNARAAN TATLUMPU'T ISANG PISO (P12,065,431.00) NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 161-T2023/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 26-T2023.**

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 161-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 26-T2023 ng Sangguniang Barangay ng Calios para sa Taunang Badyet taong 2024 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang isinagawang badyet para sa mga pantauhan, pangkagamitang pangangailangan at mentinansya ng barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan na pagtibayin na ang Taunang Badyet ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Calios.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong 2024 ng Barangay Calios, bayang ito na nagkakahalaga ng P12,065,431.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 161-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 26-T2023.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Alipit, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 12, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan